

# 1

Iginala ni Lauren ang paningin sa kabuuan ng *NAIA Terminal* para hanapin ang kanyang fiancé. Dahil naantala ang sadyang oras ng flight, alam niyang kanina pa nasa airport at naghihintay ang nobyong si Bruce.

Kaya ganoon na lang ang kanyang pagkadismaya nang kahit anino nito ay hindi niya makita. It was not typical of Bruce, bagaman aminado siya na hindi ito ang unang beses na nangyari ang ganoon.

Dinampot niya ang traveling bag at walang kangiti-ngiting tinungo ang hindi mataong parte ng arrival area at doon naghintay.

“Miss Lauren Apostol?”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng tinig. Nakita niya ang isang may katandaang lalaki na nakasuot ng puting polo at black slacks.

“Yes?”

“Ako po ang pinapunta ni Sir Bruce para sumundo sa inyo.”

Napasimangot siya. “Where is he?”

“May biglaang meeting po siya ngayon, Ma’am.”

Dismayadong tinanguan niya ito. “Pakibuhay na lang po nitong bag ko.”

Itinuro ng lalaki ang *Audi Sedan* na naka-park ilang metro ang layo sa kinakatayuan nila. Iniisip ba ni Bruce na natutuwa siya sa ganoong pruwera ng karangyaan nito tuwing may pangako itong hindi natutupad?

Hindi na niya hinintay na ipagbukas pa siya ng pinto ng backseat. Tahimik siyang naupo sa likod.

*Come on, Bruce. Sending a luxurious car to replace your absence? That’s so lame...*

Kinapa niya ang cellphone sa bitbit na bag at hinanap doon ang number ng fiancé. Dalawang ring pa lang ay sinagot na nito iyon.

“Honey!” anito sa baritonong tinig. “How’s your flight?”

“Where are you?” she demanded.

Tawa ang isinagot nito.

“You promised that you’re the one who’s going to fetch me. You promised,” ulit niya, sa tono ng boses ay ipinapaalam dito na hindi siya natutuwa.

“I have to attend this conference. It is very important, Honey. I’ll make it up to you tonight.”

Pinaikot niya ang bilog ng mga mata. “Don’t bother. I’ll probably be out enjoying myself,” she lied. “Let’s see each other tomorrow.”

Narinig niya ang ungol nito na nagpapahiwatig ng pagtutol.

“Tomorrow,” ulit niya at pinindot na ang end call button.

Nagkakamali si Bruce kung sa tingin nito ay kontrolado na siya dahil nagawa nitong imanipula ang pagbalik niya ng bansa. Sisiguraduhin niyang pagkatapos ng fashion week ay babalik na siya ng Chicago. Titiyakin niyang hindi iyon mauudlot.

Sa sampung taon niyang pananatili sa Chicago ay hindi pumasok sa isip niya ang bumalik pa sa Pilipinas. Hindi dahil ayaw niya.

Pakiramdam ni Lauren ay hindi na siya puwedeng bumalik dahil sa isang nakaraan na pilit niyang tinatakbuhan. Sobrang pasakit ang idinulot niyon sa kanyang puso kaya natagalan bago niya muling pinayagan ang sarili na umibig.

Nang dumating sa buhay niya si Bruce isang taon

na ang nakakaraan ay saka lang niya napag-isip na oras na para subukan niyang magmahal ulit. Bakit hindi?

Bruce was ideal. He was rich. Sa edad na thirty-five ay may maunlad na itong negosyo sa Pilipinas gayon din sa ibang bansa. At kahit walong taon ang agwat nito sa kanya, nakukuha pa rin ng lalaki ang ugali niya.

He was handsome and available. Sa dami ng babaeng humahabol dito ay siya ang matiyaga nitong sinuyo. He might not know it pero iyon ang dahilan kaya niya ito tinanggap. Secondary factor lang ang pagiging dependable nito. At ngayon nga ay malapit na silang ikasal.

Pero may isang mukha na pilit sumasagi sa isip niya. Isang mukha na kilalang-kilala ng kanyang puso. Isang batang pag-ibig na pilit niyang ibinabaon sa limot dahil sakit lang ang idinulot sa kanya.

Mariing ipinikit niya ang mga mata bago nagsalita. “Pakihatid na lang po ako sa pinakamalapit na hotel,” aniya sa driver.

“Nagpa-reserve na po si Sir Bruce sa secretary niya. Sa *Shangri-La Hotel* ko kayo ihahatid, Ma’am. Iyon po ang instruction ni Sir.”

Maang na napahalukip siya. Muli niyang dinampot ang cellphone para tawagan ang lalaki.

“You reserved a room for me?” medyo inis na tanong niya kaagad nang marinig ang boses nito.

“Hon, it’s not my intention to annoy you. I really thought you’d be pleased, being tired and all. May prior arrangements ka na ba?”

Tinapos na lang niya ang tawag at nailing na muling pumikit. Ibabalik na sana niya ang cellphone sa bag nang biglang tumunog iyon. Nangunot ang noo niya nang makita ang pangalan ng nakarehistro sa screen.

“Ma?” aniya.

“Hija,” bati nito. “Sinabi sa akin ng pinsan mo na ngayon ang uwi mo.”

She was stunned.

“What time is your flight?”

“I-I’m already in the country, Ma.”

“Oh, that’s great,” excited nitong sabi. Nahihinuha na niya ang sunod nitong sasabihin. “Let’s meet up. Where are you staying? Nakapag-check in ka na ba?”

Parang biglang sumakit ang ulo na nasapo niya

iyon. “Sa Shangri-La po.”

---

*Paparazzi Restaurant.* Doon niya hinintay si Mama Eva, ang ina ng lalaking dahilan kung bakit ayaw na niyang bumalik muli ng bansa. Kung hindi lang dahil tunay na magulang na ang turing niya rito, hindi siya makikipagkita sa ginang.

Ilang minuto lang ang ipinaghintay ni Lauren. Maluwang ang pagkakangiti na lumapit ito sa kanyang puwesto.

Kahit may-edad na ay hindi pa rin nawawala ang poise ni Mama Eva. Dahil siguro sa *alta sociedad* na ginagalawan nito. Kahit na may wrinkles na ang mukha ay graceful pa rin itong kumilos.

Sampung taon na ang lumipas ngunit parang ilang buwan lang ang dumaan dahil halos hindi talaga nagbago ang mukha ni Mama Eva.

Napangiti na rin siya. Na-miss niya ito.

Tumayo siya para salubungin ito. “Mama,” tipid na bati niya.

Isang tango ang naging tugon nito, pagkatapos ay niyakap siya nang mahigpit. “Lalo kang gumanda. The magazines don’t do you any justice.”

Nginitian niya ito. “You’re flattering me, Ma.”

“Nagsasabi ako ng totoo.” Mahigpit nitong ginagap ang palad niya, parang may gustong sabihin pero pinipigilan lang ang sarili.

Inaya niya itong maupo.

“You look so elegant. Ipinanganak ka yata talaga para sa profession mo. Sabagay, noon pa man ay graceful ka nang kumilos.”

“Kumusta na po ang San Juan?” nakangiting tanong niya. Ang tinutukoy niya ay ang lugar kung saan siya lumaki—sa San Juan, Batangas.

“Ganoon pa rin. Hmm, naayos ang mga daan pero halos walang ipinagbago.”

Wala sa loob na tumango siya.

“Gusto mo bang dumalaw? Ipapaayos ko ang—”

“No, Mama,” maagap na pigil niya. Napakagat-labi siya nang makitang lumungkot ang mukha nito. “Sorry. I came here to work. After the fashion week, I’m returning to Chicago.”

“Aalis ka na kaagad? Hindi ka man lang magbabakasyon kahit ilang araw? Maraming taon din tayong hindi nagkita. I want to see you again.”

May tampo sa boses nito.

Nagpapaunawang nginitian niya ang matanda. “May trabaho po akong iniwan sa ibang bansa.”

“Nonsense!” anito. “You will stay. Even if only for a day or two. And you will spend that time with me.”

Tahimik na napatitig siya rito habang umiiling para ipakita ang hindi pagsang-ayon.

“Kung ang ipinag-aalala mo ay ang anak ko, may dalawang taon na siyang hindi umuuwi sa San Juan. Ako na lang ang dumadalaw dito kapag nakakaramdam ako ng pangungulila.”

Kahit ano pa ang sabihin nito ay determinado siyang hindi magtagal ng Pilipinas. Maliit ang mundo at hindi niya ipagsasapalaran na magtagpo pa ang landas nila ng dating asawa.

“He’d been through hell. I told you that the last time we talked, didn’t I?”

Malungkot ang mukha na nakipagtitigan siya sa dating biyenan.

“I don’t want to talk about him, Ma. Let’s not spoil this day.” Iniiwas niya ang mga mata at tumingin sa nakaabang na waiter.



Lumapit ito sa table nila.

Hindi sumagot si Mama Eva, malungkot lang na nakatingin sa kanya.

Bumuntong-hininga siya. Nakabuti ba ang ginawa niyang pakikipagkita sa ina ng dating asawa? Alam niyang hirap siya na tanggihan ito noon pa man.

At kahit na ngayon na matagal nang napawalang-bisa ang kasal nila ng anak nito, hindi niya pa rin kayang pasamain ang loob ng ginang.

*Tumatanaw lang ako ng kagandahang-loob, dahilan niya sa sarili.*

Naging isang tunay na ina ito sa kanya kahit hindi sila magkadugo. Habang-buhay niyang susuklian ang ipinakita nitong kabutihan.

---

Nagising si Lauren sa malakas na ingay ng telepono ng hotel suite na inookupa. Tinanggal niya ang suot na eye cover at inabot ang handset ng telepono.

“Hey, Sleepyhead,” anang pamilyar na boses ni Bruce. “Your mobile phone’s unattended. You turned it off?”

“Yes, sorry.”

Gusto niya kasing magpahinga dahil sumakit ang ulo niya sa pagkikita nila ni Mama Eva. Hanggang sa pag-uwi ay kinukulit pa rin siya ng matanda na pahabain ang paglagi sa bansa kahit ilang beses na siyang tumanggi.

“I wanted to sleep,” paliwanag niya. Tumayo siya at tinakpan ng roba ang suot na boxer shorts at lace cami top. “Ayoko sanang maistorbo. Pero...”

Tumawa ang binata. “I told you I’ll make it up to you tonight.”

“And I told you to make it tomorrow.”

“Hindi ka naman natuloy sa pag-alis.”

“Yeah. But I’m dead tired.”

“But I really want to see you tonight.”

“Why don’t you come up here instead?”

“Hmm, that’s tempting. But I’m with my business partner now. Why don’t we meet at the *E’s Bar*? I’ll wait.”

Napalabi siya. “All I really want to do now is sleep.”

“Please? I won’t be here tomorrow.”

Dahil sa pagkabigla sa narinig ay pamaktol na ipinadyak niya ang paa. “Why?”

“I’m flying out of the country.”

Napasimangot siya.

“I’m sorry, Honey. It’s a deal with some new investors,” patuloy nito.

“I cannot believe you.”

“I’m really sorry, Hon. But I’ll be here during the fashion week.”

“But that’s one week from now.” Hindi makapaniwalang pabagsak na naupo siya sa tabi ng kama. “Ganoon katagal?”

“Will you see me now? Let’s talk about it face to face. Please?”

*Ano pa nga ba ang magagawa ko?*

“Fifteen minutes,” sagot niya at ibinaba na ang handset.

Nailing na binuksan niya ang kanyang luggage at pumili ng maisusuot. Isang royal blue silk, spaghetti-strapped top at skinny jeans ang napili

niya. Tinernuhan niya iyon ng cream-colored beaded sandals na two-inch ang heels.

Ipinusod ng dalaga ang hanggang balik at niyang buhok na kulay kape. Pagkatapos mag-apply ng manipis na makeup ay dinampot niya ang looped earrings na nasa kanyang jewelry case at isinuot iyon.

She was all set. A small dab of *Estee Lauder Pure White Linen* on her wrist and she was on her way to the door.

Agad niyang nakita si Bruce na nakaharap sa entrance ng bar. Kinawayan siya nito bago ito tumayo at lumapit sa kinatatayuan niya. Napansin niya kaagad na hindi ito nag-iisa sa table nito.

Hinapit siya nito palapit sa sariling katawan at ginawaran ng halik sa mga labi. “I missed you.”

Iningusan niya ito. “Kaya pala hindi ikaw ang sumundo sa akin.”

“I told you I’ll make it up to you.”

“When? After the fashion week?”

“Promise, I’ll tender a month leave so I can spend more time with you.”

“Promises, promises,” reklamo niya. “Why don’t

you try keeping at least one doon sa mga ipinangako mo sa akin?”

Nakangiting hinigpitan pa nito ang pagkakahapit sa kanya. “Okay. I’ll do that. Bati na tayo?”

“Ewan ko sa iyo.” Muli niya itong inismiran. “Who are you talking to before I came?”

“Ah,” anito, apologetic na napangiti. “Somebody important. Who—I’ve forgotten at the sight of you. Come, I want you to meet the company’s new stockholder.”

Nagpatangay siya rito hanggang sa ganap na makalapit sila sa table na pinanggalingan ng nobyo. Ngunit sa hindi niya maipaliwanag na dahilan ay parang nag-freeze ang buong paligid habang bumilis at lumakas naman ang tibok ng kanyang puso niya.

Paanong hindi mangyayari iyon? Kahit nakatalikod ay kilala niya ang lalaking tinutukoy ni Bruce.

Paano niya makakalimutan ang lalaking ito gayong ito ang dahilan kung bakit mas pinili niyang sa ibang bansa manirahan?

“Honey, meet Andrew Aldama.”

Pumihit ang lalaki at humarap sa kanya. He was so close she could breathe in his familiar scent. At

gaya noon, natatangay pa rin siya ng personalidad nito.

---

*“Excuse me, Miss.”*

*Napalingon si Lauren sa nagsalita. Ang sikat na anak ng mga Aldama. Kilalang-kilala ito sa buong campus dahil bukod sa ito ang captain ball ng basketball varsity team ay matalino rin ito.*

*“Papunta ka din ba ng canteen? Puwedeng pasukob sa payong mo?”*

*Naumid ang dila niya at napatango na lang. Hindi siya makapaniwala na sa lahat ng maaari nitong sabayan ay siya pa ang napili nito.*

*“Let me hold it for you,” anito, at kahit hindi pa siya nakakasagot ay kinuha na nito sa kamay niya ang hawak na payong. “Lakas ng ulan, ano?”*

*Napatingin siya sa paligid at nahihiyang nagyuko ng ulo nang mapansin ang pares ng mga matang nakasunod sa kanila. Karamihan doon ay mga babae na kababakasan ng paninibugho ang ekspresyon.*

*“Lauren, right?”*

*Tiningala niya ito at tumango. Nakita niya ang*

*All I Really Need Is You - Amber Vasquez*

---

*maluwang nitong pagkakangiti at pakiramdam niya ay para siyang matutunaw sa mismong kinatatayuan.*

*“Salamat sa pagsabay sa akin,” anito sabay sauli ng kanyang payong. “Sa susunod ulit.”*

*Wala sa loob na tumango siya at tinanaw na lang ang papalayong binata. Malayo na ito sa kanya nang bigla itong mag-about face at nakangiting lumapit muli.*

*“Naniniwala ka ba sa love at first sight?”*

*Kunot ang noong sinalubong niya ang nakangiti nitong mga mata.*

*“I think kailangan kong dumaan ulit,” saad nito, kumindat pa sa kanya. “Baka kasi in your case, it’s love at second sight.”*

*Napamaang siya rito. Nakangisi itong umatras palayo sa kanya.*

*“Sige, dadaan ako ulit mamaya.”*

## 2

Nilingon niya ang fiancé na si Bruce. Abala ito sa pakikipag-usap sa cellphone, ilang dipa mula sa kanila ni Andrew.

Gusto na niyang umalis sa sobrang pagkaasiwa.

“My mother has always been your number one fan,” anang dati niyang asawa.

Napalingon siya rito. Nakangiti ito sa kanya. Kung kumilos ito ay parang ngayon lang silang nagkakilala.

Hindi niya alam kung bakit pero nasaktan siya sa ginawi nito.

“She really adores you. In fact, she’s been collecting magazine cut-outs of yours ever since you started modeling.”

Tiim-bagang na hindi niya ito sinagot o nginitian man lang. Muli niyang nilingon ang fiancé.

Tinungo niya ang kinaroroonan ni Bruce nang sumenyas ito ng paalam sa kanya.

“Where are you going?” nagpa-panic na tanong



niya nang makalapit dito.

Kinintalan siya nito ng mabilis na halik sa mga labi. “I’ll be right back.”

“Wait!” Inis na napapadyak siya nang hindi siya pagtuunan ng pansin ng lalaki. Patuloy lang itong lumabas ng bar. “Damn,” she muttered.

“Cursing doesn’t suit you.” Naramdaman na lang niya si Andrew sa bandang likuran niya. Hindi na friendly ang tono nito. He looked dead serious.

“What?” baling niya.

“Can’t you at least be polite? He doesn’t know anything about us. Be civil.” Madiin ang tono nito.

“I have no time to be anything with you.” Iningusan niya ito. “What are you doing here anyway?”

“Bruce invited me to meet you.” Nagkibit ito ng balikat.

“At pumayag ka?”

“Yes. May masama ba doon?”

“You know I am his girlfriend.”

“Fiancée,” pagtatama nito. “Yes, I know.”

Matagal na napatitig siya rito. Hindi siya makapaniwala na parang bale-wala rito ang maraming taon na hindi sila nagkita. Kahit na sabihing iba ang pinaniniwalaan nitong dahilan kung bakit sila naghiwalay.

“And you still insisted on meeting me?”

Mapaklang tinawanan siya nito. “Insisted? Don’t flatter yourself.”

Isang masamang tingin ang ipinukol niya rito.

“I didn’t insist on seeing you, Lauren,” he added.

Natigilan siya nang banggitin nito ang kanyang pangalan. Hindi niya maipaliwanag ang naramdaman nang muling marinig iyon mula sa mga labi nito.

She reeled.

Mariing napapikit siya para sakalin ang rumaragasang emosyon na biglang nabuhay sa kanyang dibdib.

“Hey, are you okay?”

Napamulat siya nang marinig ang tinig ng nobyo at maramdaman ang palad nito sa kanyang baywang.

Pilit niyang nginitian ito. “Sumakit lang ang ulo ko. Jet lag siguro.”

“Ganoon ba? Do you want me to take you up to your suite?” Bakas sa mukha ang pag-aalala nito.

Tumango siya at iniwasang makasalubong ang mga mata ni Andrew. Inalalayan siya ni Bruce at humakbang na siya patalikod sa dating asawa.

“See you in the office,” narinig niyang sabi ni Bruce dito.

“Yes. I’ll hang out for a while.”

“Ah, gonna look for someone to spend the night with?” Bruce half-joked.

Mariing ipinikit ni Lauren ang mata. Kung maaari lang ay takpan niya pa ang mga tainga para huwag marinig ang isasagot ng lalaki.

“Bruce...” Mariing pinisil niya ang palad ng lalaking halos nakayakap na sa kanya.

“Sorry, Hon. Come on.”

“Nice meeting you, Lauren,” pahabol ni Andrew.

Hindi man niya gusto ay napilitan siyang lingunin ang lalaki. “Thanks.” She would be lying if she said that it had been nice seeing him, too.

Nakita niya ang pagdilim ng anyo ng dating asawa bago siya tuluyang tumalikod.

“I shouldn’t have been obstinate. I should have listened to you. I feel so guilty being adamant that you meet me,” sabi ni Bruce, marahang hinahaplos ang kanyang sentido habang nasa loob sila ng elevator.

*Yes, it’s your fault. Kung alam ko lang, piping hinaing niya sa sarili.*

“Ayos lang ako. Don’t blame yourself.”

Ginagap nito ang palad niya when they reached her floor. “You have a headache.”

Tiningala niya ito. “I’m okay. Really.”

Biglang nginitian siya nito. Nang mabuksan niya ang pinto ng suite ay mabilis siyang kinabig nito papasok at ginawaran ng mumunting halik sa mukha.

“B-Bruce...” Iniiwas niya ang sarili rito at humakbang paatras para magkaroon ng espasyo sa pagitan nila.

Tinitigan siya nito.

“I-I’m sorry.” Hindi siya makatingin dito.

“Don’t you want me to sleep beside you?”

Ano ba ang sasabihin niya? “You have a flight

tomorrow, right?”

“Sa hapon pa naman iyon.”

“Bruce...” Alam nito kung ano ang opinion niya sa hinihingi nito.

Natawa ito. “I only want to sleep beside you. That’s all. Honest.” Itinaas pa nito ang kanang kamay, like a promise.

Hindi naniniwalang umiling siya.

Tumawa ito nang malakas. “Okay, my prudish beauty. I’ll let you on your own. Get well, okay?”

Alanganing nginitian niya ito. “I’m sure I’ll be fine when you return from your trip.”

Hinalikan nito ang kanyang noo bago tinungo ang pinto. “Good night, Honey.”

Tinanguan niya ito at nanghihinang napaupo sa kama.

Alam niyang nagkakasala siya kay Bruce. Nangako siyang ito ang pag-uukulan ng buong pagmamahal nang pumayag na pakasal dito. Pero sa sandaling paghaharap nila ni Andrew ay nahati kaagad ang damdamin niya.

Sa simpleng pagkikitang iyon ay biglang bumalik

ang lahat ng sakit ng nakaraan. Akala ni Lauren ay nabaon na iyon sa limot. Ngayon ay ginugulo siya ng nakalipas nila.

*Bakit kailangan ko pang maalala ang masakit na kahapon namin? At bakit hindi ko pa rin malimutan ang pagmamahalan namin noon?*

Tuluyan siyang nahiga sa kama. Nakipagtitigan siya sa kisame habang pinipigilan ang sarili na huwag maiyak.

Malaki ang pasasalamat niya na nagawa niyang pigilan ang emosyon kaninang magkaharap sila ng dating asawa. Napagtagumpayan niyang itago ang muling nabuhay na damdamin.

Kaya niya bang kalimutan si Andrew? Paano niya magagawang bale-walain ang nag-iisang lalaki na nakakapagpatigil ng pag-ikot ng mundo niya?

Hanggang ngayon ay nasa sentido pa niya ang pinaghalong amoy ng pabango at katawan nito. Binubuhay niyon ang isang bahagi ng kanyang pagkatao na lihim na umaasam na muling makasama at mayakap ang lalaking unang minahal.

Andrew possessed a very dynamic personality. And she had always been attracted to him. His deep-set eyes ay matiim lagi kung tumingin. Makapal din

ang mga kilay nito at matangos ang ilong.

Pakiramdam ni Lauren ay ngumingiti ang mga mata nito tuwing nakatingin ang lalaki sa kanya. Noon iyon. Nangingislap at nangungusap ang mga matang naaalala niya. Pero kanina ay napakatalim ng tingin nito sa kanya.

Ang mga labi nito ay tila nangangako ng walang katumbas na kasiyahan. Lasing siya sa ligayang hatid ng mga halik nito noon. Subalit kung gaano iyon katamis ay ganoon din kalalim ang sakit nang magkahiwalay sila.

Mariing napapikit siya at isinubsob ang mukha sa unan.

*Andrew, bakit ba ikaw pa rin hanggang ngayon?*

---

Kanina pa siya tinatawagan ni Bruce. Alam iyon ni Lauren dahil hindi pa siya nakakatulog. Dilat na dilat pa rin ang kanyang mga matang halos hindi na makakita dahil sa kaiiyak.

Ngayon ang alis ng nobyo at alam niyang malulungkot ito kung hindi siya makakausap bago ang flight nito. Ngunit hindi niya gustong malaman nito na magdamag siyang umiyak. At mahahalata

nito iyon kapag narinig ang kanyang boses.

Ayaw niya itong kausapin dahil ayaw niyang magsinungaling dito. Alam niyang aalamin nito ang dahilan kung bakit siya namaos sa pag-iyak. Hindi niya kayang aminin dito ang katotohanan dahil maski siya ay hindi matanggap iyon.

Her past had finally caught up with her. At tila minumulto siya niyon.

Tumagilid siya sa pagkakahiga at nilingon ang clock sa bedside table. Alas onse ng umaga. Kalahating araw na pala siyang nakaharap sa kisame, nakatunganga sa kawalan habang nakahiga.

Inabot niya ang cellphone at nag-type doon ng message. Hindi niya ugali ang mag-text, pero iyon na lang ang pinili niyang paraan upang ipaalam sa binata na ayos siya.

*I overslept. Sorry I missed your calls. Have a safe trip. See you when you get back.*

At dahil sa pagnanais na iwasan ang binata ay ini-off niya kaagad ang phone pagkatapos mai-send iyon. Tinungo niya ang bathroom at nagpatulo ng tubig sa bathtub.

She needed to relax. Kailangan niyang ihanda



ang sarili kahit para lang sa nalalapit na fashion week. She wanted to appear serene and very much unaffected by her ex-husband's presence before them. Kailangan niya iyon para maipagtagumpay ang trabaho.

Hinubad niya ang lahat ng saplot at tiningnan ang sarili sa salamin. Namamaga ang mga mata niya at halos hindi siya makamulat. Namumula rin ang mga iyon pati na ang kanyang ilong.

*Ano ba, Lauren? You don't need to be like this.*

Ngunit hindi nakikisabay ang puso niya. Kaya bago pa tumulo ang panibagong batch ng kanyang luha ay lumublob na siya sa bathtub. Nanatili siya sa ilalim ng tubig hanggang sa hindi na niya matiis na pigilin ang paghinga.

Nang makatapos maligo ay inabot niya ang isang towel sa rack upang tuyuin ang katawan. Kumuha siya ng isa pa at ibinalot iyon sa ulo. Bago lumabas ng banyo ay inabot niya ang nakasabit na robe at isinuot iyon.

Noon may kumatok sa pinto. Sumilip siya sa peep hole para malaman kung sino ang nasa labas. Natigilan siyang bahagya nang mapagsino ang bisita—ang ina ni Andrew, si Mama Eva.

Binuksan niya ang pinto para patuluyin ito.

“Lauren, Hija, kanina pa kita tinatawagan pero hindi mo sinasagot.”

“Sorry, Ma, nasa banyo ako. Isa pa, naka-off ang phone ko.” Wala siyang dahilan para magsinungaling dito. Itinuro niya ang isang chair sa dresser, silently inviting the older woman to sit.

Umiling ito. “I have reservations for lunch. Meet me at *Senju*. Iwan na kita para magbihis.” Iyon lang at tumalikod na ito para muling tunguhin ang pinto at lumabas.

Ni hindi siya nakahirit.

“I’ll see you there,” sabi pa nito bago kinabig ang pinto.

Ano ang gagawin niya? Ayaw niyang lumabas ng kuwarto na ganitong namamaga ang mga mata.

*Napansin kaya iyon ni Mama Eva?*

Napabuntong-hininga siya.

Kung hindi siya pupunta ay gagawa at gagawa lang ito ng paraan upang magkita sila. Magsusuot na lang siya ng shades.

---

May kasama ang ginang sa table na naka-reserve para sa kanila. Gustong umatras ni Lauren pero huli na. Nakita na siya ni Mama Eva.

“Join us, Hija. Here, sit beside me,” anito.

Wala siyang nagawa kung di pagbigyan ito.

“Sorry if I’m late.”

Mula sa dark shades na gamit ay nahuli niya ang pagsimangot ng dating asawa. Patalim iyon sa kanyang puso. Nahihirapan siyang tanggapin na hindi ito masaya na magkasama sila ngayon.

“It’s kind of Andrew to join us, don’t you think?” anang ginang, matamis siyang nginitian.

“Ma, you didn’t tell me na kasama siya. This is awkward for us,” sabat ng lalaki.

“Nonsense! We’re family. Or at least we used to be. For old times’ sake, Hijo.” Nakangiting hinawakan ng matanda ang lalaki sa braso.

“Baka dumating ang mapapangasawa niyan at makita tayo dito.”

“Then, we’ll invite him, too. Sasabihin natin na gusto kong makilala si Lauren at inaya ko siyang kumain. You—” tukoy nito sa anak, “just happened to

be around. What's wrong with that?" giit ng ginang.

"You'll be lying. Iyon ang masama," sagot ni Andrew, a sarcastic smile on his face. Pero kaagad din nitong pinagtuunan ang hawak na menu.

"Ma..." Nawala ang sasabihin niya nang lumipad ang tingin ng dating asawa sa kanyang mukha. He was frowning. "What?" tanong niya rito.

"You still call her 'Mama'?"

Napipilan siya.

"Ayaw mo, Hijo? Walang problema sa akin. In fact, ako ang humiling sa kanya niyon. Hindi ko naman gustong tawagin niya akong Tita Eva or plain Tita gayong anak talaga ang turing ko sa kanya. It's just absurd. And besides, para sa akin, she is still your wife," pagmamatigas ng babae, hinawakan pa ang kamay niya. "I'll always see her that way, even if your marriage has already been annulled."

"Enough," ani Andrew. "Nabigla lang ako. Sorry." Sa kanya ito nakatingin kaya alam niyang sa kanya ito humihingi ng paumanhin. "You were saying?"

Hindi niya ito pinansin. Bumaling siya sa dating biyenan. "I cannot continue doing this. Bruce, I mean, my fiancé, he doesn't know that... well... that Andrew

is my ex-husband.”

“And?” susog ni Mama Eva.

Ano pa ba ang gusto nito na sabihin niya?

Pasimple niyang nilingon si Andrew. Nasa menu na uli ang atensyon nito.

“Ayokong malaman niya na dati kong asawa si Andrew. Ni wala akong planong sabihin sa kanya that I’ve been married before.”

Nagtagis ang mga bagang ni Andrew. Nahalata ni Lauren iyon. Pero nanatili itong tahimik.

“Then we won’t tell him,” pangako ni Mama Eva, na para bang ganoon lang iyon kasimple. Binalingan nito si Andrew na kanina pa pinagdidiskitahan ang menu. “Right, Andrew?”

Hindi makapaniwalang tumingin ito sa ina. “You’re asking me to lie?”

Hindi nito pinansin ang anak. Bumaling ang ginang kay Lauren. “But I have a favor to ask in return.”

Natigilan siya.

*Just what I need,* she thought morosely.

*All I Really Need Is You - Amber Vasquez*

---

“Sa bahay ka titigil...” Ngumiti ang babae. “... hanggang hindi pa kayo naiikasal ng nobyo mo.”

# 3

“I cannot believe I am doing this,” Lauren muttered. Sinundo siya ni Andrew sa hotel. Ihahatid siya nito sa San Juan. “This is totally insane.”

“Puwede ka namang umayaw kung hindi mo talaga gusto,” tugon nito, nasa daan ang pansin habang nagmamaneho.

“Like that’s possible.”

“It is possible.”

Bahagya siyang tumingin dito. “Say no to your mother? Nagpapatawa ka ba? Hindi mo nga magawa ’yon, ako pa?”

“That was before. Iba na ngayon. Hindi ko na siya laging pinagbibigyan.”

“What are you implying? Na gusto ko rin kaya ako pumayag?” nanggagalaiting tanong niya.

Ngumisi ito ngunit hindi sumagot.

“I am doing this only for your mother. Don’t jump into any conclusions.”

Natawa ito. “Yeah, right.”

“May nakakatawa ba?”

“Ikaw.” Tumawa ulit ito. “Ngayon ko lang nalaman. You’re...” he deliberately paused, “...entertaining. I didn’t know that when we were married.”

Pinaningkitan niya ito ng mga mata. “Kailan ba natin talaga nakilala ang isa’t isa?” sarkastikong tanong niya.

Sumeryoso ito at saglit siyang sinulyapan. “Matalim pa rin ang dila mo.”

“Duguan ka na ba?” inis na tanong niya.

Hindi nito iyon pinansin. “Fasten your seatbelt. Hindi ko kailangan ng isa pang abala pag nagkataon.”

Iyon ba siya ngayon para sa dating asawa? Kaabalahan?

“Opo,” padaskol na sagot niya. Padabog niyang ikinabit ang seatbelt. “Masaya ka na?”

Kailangan niyang magpanggap na hindi natutuwa sa concern nito para pagtakpan ang totoong nararamdaman. Nasasaktan siya pero excited pa rin at lihim na nagdiriwang dahil magkasama silang muli ni Andrew.

Kahit alam niyang saglit lang iyon.



Ganito ba ang ginagawa ng mga taong ayaw sabihin ang totoong saloobin? Umaarte para hindi mabuko. Tinitiiis ang sakit makapiling lang ang minamahal.

Ngumiti lang ang lalaki sa inasal niya.

Hinubad niya ang suot na sunglasses. Napakaaga pa para iwasan ang araw, tinted pa ang salamin ng sasakyan. Isinuot lang niya iyon dahil nag-aalala siyang baka namamaga pa rin ang mga mata at mahalata iyon ni Andrew. Baka naman hindi na. Nakatulog siya nang maayos at hindi na siya umiyak kagabi.

Itinutok niya ang paningin sa labas ng bintana.

“Umiyak ka?” mahinang tanong ng katabi. Pero narinig pa rin niya iyon kaya nilingon niya ito.

He kept glancing at her. Magkasamang pag-aalala at lungkot ang nasa mga mata nito.

“Pakialam mo?” *Halata pa ba talaga?*

Wala sa loob na dinamang niya ang mukha.

“I’m just worried.”

Tumaba ang puso niya dahil sa sinabi nito ngunit nagtaray lang siya para di nito mahalata ang kanyang

kasiyahan.

“Mind your own business.”

“Dahil ba sa pagkikita natin sa bar o dahil pinuwera ka ni Mama na magtanghalian kasama namin? Na-offend ka ba sa nasabi ko?”

Nag-aalala talaga ito.

“Ha? N-No. It’s not about you at all,” she lied.

Marahan itong tumango. “I just don’t want to complicate things.”

*Ano ang ibig nitong sabihin?*

Pumikit na lang siya. Pinilit na lang niyang huwag magpaapekto sa narinig. Hindi siya nagtanong kahit namamatay na siya sa kuryosidad. She had a feeling na masasaktan siya kapag nilinaw niya ang sinabi nito.

“Nalulungkot ka siguro dahil umalis si Bruce kung kailan nandito ka,” komento ng lalaki.

Hindi siya sumagot. Mas mabuti nang iyon ang isipin nito.

---

Nanatili siyang nakapikit buong panahong

nagbibiyaha sila. Nagkunwari siyang natutulog kahit gising na gising siya. Kahit paghinga ni Andrew ay naririnig niya. She heard him sigh several times.

Nang maramdaman ang pagpapatay nito sa makina ay saka lang niya iminulat ang mga mata. Naghikab pa siya para gawing mas convincing ang pag-arte.

“Nandito na tayo?”

Sapo ang batok na iginala niya ang paningin. Nasa harap sila ng bahay ng ina nito.

“Masakit ang batok mo?” he asked.

Bumaling siya rito, tahimik na nakakunot ang noo.

“Ganyan talaga kapag nagtulug-tulugan,” buska nito.

Pinandilatan niya ito. Parang umakyat ang dugo sa mukha niya dahil sa pagkapahiya.

“Excuse me. Hindi po ako nagtulug-tulugan. I really was trying to sleep. Hindi ko lang magawa dahil sa lakas mong huminga. It was totally disrupting.”

“Bakit hindi ka umangal? Iyon lang naman ang alam mong gawin mula pa kanina.”

Siniringan niya ito. *The nerve!*

“Mabuti nga at mabait ako.”

Tumawa lang ang lalaki. “Bumaba ka na at sigurado akong kanina ka pa hinihintay ng Mama.”

Inirapan niya ito bago lumabas ng sasakyan.

*Hindi man lang ako ipinagbukas ng pinto!*

Pakiramdam niya ay nasira ang pinto ng sasakyan sa lakas ng pagkakasara niya.

“Thanks for the ride,” paangil na pasalamat niya bago ito iniwan. Bahala itong magbuhat ng mga gamit niya!

---

Nakangiting inabot ni Lauren ang pile ng magazine na inilabas ni Mama Eva. Halatang pinag-ingatan nito iyon. Walang katupi-tupi ang mga pahina at tila di iyon nadapuan ng kahit kaunting alikabok.

Si Andrew ay nakahalukipkip sa pintuan. Tila inip na inip ito habang pinapanood sila. Nasa silid sila ni Mama Eva.

Kanina pa niya napapansin na parang hindi mapakali ang lalaki. Parang gustong umalis pero nag-aalangan.

*No one's forcing you to stay here. Bakit hindi ka pa umalis? Inihatid mo lang naman ako, di ba?*

Palihim niya itong sinulyapan.

“Puwede na siguro akong bumalik ng Manila?”  
narinig niyang tanong nito sa ina.

Natatawang kinagat niya ang pang-ibabang labi.

*I thought iba na ngayon? Bakit parang kung hindi papayag ang mama mo ay hindi ka makakaalis?*

“Nagpaluto ako ng paborito mo. Dito ka na kumain.”

“I need to be in Manila this afternoon, Ma.”

“Re-schedule it, Andrew.” May warning sa tono at tingin ng matandang babae.

Napalakas na ang tawa ni Lauren.

“Stop laughing,” utos ng lalaki sa kanya. Bakas sa guwapong mukha nito ang pagkapikon.

Hindi niya ito pinansin. Ipinagpatuloy niya ang kunwang interes sa bina-browse na magazine bagaman kanina pang wala roon ang atensyon niya.

“Matagal pa ba kayong dalawa diyan? Bilisan n’yo na at nang maaga tayong makapananghalian,”

nakasimangot pang sabi nito. “Hihintayin ko kayo sa ibaba.” Tumalikod na ito.

Napangiti siya. “May sumpong ang anak n’yo, Ma. Nagsusungit, parang andropausal.”

Tumawa ang ginang. “Huwag mo siyang intindihin. Teka, tingnan mo iyong ipina-charcoal kong picture. Kuha mo iyon noong nag-uumpisa ka pa lang sa career mo.”

Nagtatanong ang mga mata niya. “Hindi ko na maalala, Ma. Alin po ba doon?”

“The one where you’re wearing a wedding gown. Ipina-frame ko. Wala kasi kayong picture ni Andrew na naka-wedding dress ka.”

Napako ang paa niya sa kinakatayuan nang matunghayan ang charcoal painting na sinasabi nito. Hindi siya makapagsalita. Nakasabit iyon sa kubling bahagi ng malaking silid ni Mama Eva.

Napanganga siya nang makita ang portrait. Hindi siya nag-iisa roon gaya ng inaasahan niya. Nasa tabi niya si Andrew. Ngayon pa lang ay humahanga na siya sa gumuhit dahil napalabas nito na parang may ganoon talaga silang kuha ni Andrew. Para silang magkasamang um-attend ng painting session.

*All I Really Need Is You - Amber Vasquez*

---

He was looking at her lovingly in the portrait. Kuhang-kuha ng artist ang kanilang pisikal na anyo. Para talagang aktuwal silang nag-pose kaya nagawa silang ipinta nang ganoon.

“Beautiful, right?” nakangiting tanong ng katabi. “Ang hirap bigyan ng instruction ng lalaking iyan.”

Muli niyang ibinalik ang mga mata sa portrait. Parang gusto niya iyong hingin. Hindi siya makapagsalita sa labis na paghanga.

“Tara na sa ibaba at naiinip na sigurado iyong asawa mo. You know how impatient he can be.” Tumawa ito.

Para siyang de susi na sumunod dito. Nasa portrait pa rin ang isip niya.

“What’s with her?” narinig niyang tanong ni Andrew nang nasa hapag na sila.

Nag-angat siya ng tingin dito. Hindi pa rin siya nakakabawi hanggang ngayon. Nang hindi kaagad sumagot ang ina ay siya na ang inusisa ni Andrew.

“What’s with you? Cat got your tongue?” tanong nito.

Noon sumabat ang ina nito.

*All I Really Need Is You - Amber Vasquez*

---

“I showed her the wedding portrait. She loved it,” sagot ng babae na nagpatuwid sa kanya.

Hindi naniniwala ang tingin na ibinigay ni Andrew sa ina bago siya matiim na tinitigan.